**SO WHAT** *What is the relevance of the Word to my life?*

- Ano ang sinasabi ng Kasulatan tungkol sa pagsagip at pagligtas ng Diyos sa atin sa ating mga ligalig (Salmo 144:13)?
- Ano ang pinapangako ng Diyos kapag humiling tayo ayon sa Kanyang kalooban (1 Juan 5:13-15)?
- Paano lumago ang iyong pananampalataya nang ibinahagi mo ang iyong pagpapala sa iba?

**NOW WHAT** *How do I apply the Word to my life?*

- Anong pagpapala ang natanggap mo kamakailan na pupwede mong ibahagi sa iba?
- Alin sa tatlong puntos ng aral na ito ang sa palagay mo'y kailangan mong ihiling sa Banal na Espiritu na baguhin o palaguin sa iyo?
- Sa pagtanaw sa nakaraang taon, anong karanasan ang nagpalago sa tiwala mo sa kagustuhan ng Diyos na pagpalain ka?

## PRAYER

- Hilingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka sa mga kalagayan kung saan ikaw ay magiging pagpapala sa iba.
- Manalangin para sa mas malalim na pang-unawa ng kalooban ng Diyos para sa iyong buhay, upang ikaw ay makahiling ng ayon sa Kanyang kalooban.
- Ipagdasal ang kahit isang kakilala mong may pangangailangan at hilingin sa Diyos na maglaan para sa kanyang pangangailangan.

VICTORY

**Honor God. Make Disciples.**

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO

UNLIMITED
YOU CAN'T HELP BUT WONDER

# Ang Sebada at ang Butil

Week 4

**NOTES**

## CONNECT

- Anong panalangin ang umaasa kang sagutin? Bakit mo ito hiniling?
- Nakatanggap ka na ba ng pagpapalang hindi mo hiniling? Anong naramdaman mo? Ano ang ginawa mo sa pagpapala?
- Ano ang gagawin mo kung nalaman mong magmamana ka ng malaking halaga na salapi at mga ariarian galing sa isang di mo kilalang kamag-anak? Bakit?

**WORD**

**[42]Isang araw, may isang lalaking galing sa Baal Shalisha na nagdala kay Eliseo ng isang sako na may lamang 20 tinapay na gawa sa unang ani ng sebada at mga bagong butil. Sinabi ni Eliseo, "Ibigay mo iyan sa grupo ng mga propeta para kainin." [43]Sinabi ng katulong niya, "Paano ko po ito mapagkakasya sa 100 tao?" Sumagot si Eliseo, "Ibigay mo ito sa kanila para kainin. Ito ang sinasabi ng Panginoon: Makakakain sila at may matitira pa."**

**2 Hari 4:42,43**

**WHAT** *What does the Bible say?*

Kapag taghirap na, mas inaalala ng mga tao ang kung gaano kaunti ang paglalaan kaysa sa mga taong nangangailangan dito. Sa pagiging panatag niya sa paglalaan ng Diyos para sa Kanyang bayan, pinapakita ni Eliseo sa atin ang tatlong katotohanan tungkol sa mga ganitong kaganapan.

- **Ang Diyos ay walang-hanggang naglalaan para sa Kanyang bayan.**

  *Sinabi ng anghel na sabihin ko pa itong ipinapasabi ng Makapangyarihang Panginoon: "Uunlad na muli ang aking mga lungsod sa Juda. At aaliwin kong muli ang Zion, ang lungsod ng Jerusalem. At muli ko itong ituturing na hinirang kong lungsod."*

  Zacarias 1:17

  Pinapakita ng kwento ni Eliseo sa atin na ang ating tiwala sa paglalaan ng Diyos ay nalilimitahan ng ating pananampalataya sa Kanya at sa Kanyang kagustuhang maglaan para sa atin. Ang pananampalatayang ito ay nakaasa sa kung gaano natin kakilala ang Diyos at kung gaano tayo kapanatag na tayo ay Kanyang bayan. Papaano nabago ng iyong ugnayan kay Kristo ang pananaw mo sa paglalaan ng Diyos sa iyo? Papaano napalakas ng walang-hanggang paglalaan ng Diyos ang iyong pananampalataya?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

- **Pinagpapala tayo ng Diyos upang maging pagpapala tayo sa iba.**

  *[42]. . . "Ibigay mo iyan sa grupo ng mga propeta para kainin." [43]Sinabi ng katulong niya, "Paano ko po ito mapagkakasya sa 100 tao?" Sumagot si Eliseo, "Ibigay mo ito sa kanila para kainin. Ito ang sinasabi ng Panginoon: Makakakain sila at may matitira pa."*

  2 Hari 4:42,43

  Sa mga desperadong panahon, madali lamang isipin na ang mga pagpapala ay dumarating para sa ating kapakanan lamang. Subalit pinapakita ni Eliseo sa atin na kung alam natin ang kalooban ng Diyos, madali lamang matanto na ang dahilan kung bakit tayo pinagpapala ay upang maging daluyan tayo ng pagpapalang ito upang maabot ang iba. Ano ang makakapagpadali sa atin upang pagpalain ang ibang tao?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

- **Nag-uumapaw ang pagpapala ng Diyos kapag tayo ay masunurin.**

  *Kaya ibinigay niyo ito sa kanila, kumain sila at may natira pa, ayon sa sinabi ng Panginoon.*

  2 Hari 4:44

  Hindi sapat ang malaman lamang ang kalooban ng Diyos at ipahayag ang ating pananampalataya na Siya'y maglalaan. Kailangan nating isagawa ang ating paniniwala sa pagsunod natin sa Kanyang Salita. Ang pag-apaw ng pagpapala ng Diyos sa Kanyang bayan ay hindi siguro nangyari kung hindi sumunod ang katulong sa utos ni Eliseo na ihanda ang pagkain sa harap ng mga tao. Ano ang iyong naramdaman nang ang iyong pagsunod ay nagbunga sa pagpapala ng Diyos sa iba?

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________

  ______________________________